Palabas na **balita**

# Ang mga booster [pampalakas] ay lumawak sa mga batang may edad na 5-11 taong gulang

Agosto 26, 2022 Mga katanungan sa media

Ang mga Albertan ay malapit nang magsimula ang pagtala ng mga booster na bakuna para sa COVID-19 para sa mga batang may edad na lima hanggang 11 taong gulang, batay sa mga rekomendasyon mula sa Pambansang Komite ng Pagpapayo sa Pagbabakuna [National Advisory Committee on Immunization] at ng Komite ng Pagpapayo sa Pagbabakuna ng Alberta [Advisory Committee on Immunization].

Magbubukas ang mga pagpapatala sa Agosto 29 at magsisimulang ibigay ang mga dosis ng booster sa Agosto 31.

Inaprubahan ng Health Canada ang paggamit ng Pfizer (Comirnaty) na bakuna para sa mga booster na dosis sa mga batang may edad na lima hanggang 11 taong gulang noong Agosto 19. Ito ang unang COVID-19 na bakuna na pinahintulutan sa Canada bilang booster na dosis sa pangkat ng edad na ito. Ang mga batang may mahinang panlaban sa sakit ay karapat-dapat na para sa tatlong-dosis na pangunahing serye, kaya ang kanilang mga booster ay magiging pang-apat na dosis.

Hinihikayat ang mga magulang at mga tagapag-alaga na humanap ng maaasahan at makatotohanang impormasyon upang ipaalam ang kanilang desisyon sa bakuna

at talakayin ang mga panganib at mga benepisyo sa kanilang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan bago mabakunahan ang kanilang mga anak.

## Ang pagpatala ng tipanan sa bakuna para sa COVID-19 para sa mga batang may edad na lima hanggang 11 taong gulang

Ang mga tipanan sa booster ay dapat magpatala sa pamamagitan ng Alberta Vaccine Booking System sa alberta.ca/vaccine o sa pamamagitan ng pagtawag sa Health Link sa 811. Ang ilang mga parmasya ay maaaring tumanggap ng mga walk-in.

Ang mga batang lima hanggang 11 taong gulang na nakatira sa mga komunidad ng First Nations ay makakakuha din ng booster na dosis sa pamamagitan ng mga pampublikong klinikang pangkalusugan o mga narsing istasyon.

## Mabilis na mga Katotohanan

- Sa pangkat ng edad na ito, tinatantyang pagiging epektibo ng bakuna ang isang pangunahing serye laban sa sintomas na impeksiyon na may variant ng Omicron mula 30 hanggang 50 porsyento. Ang mga pagtatantya ng pagiging epektibo ng bakuna laban sa malubhang sakit kabilang ang pagpapa-ospital dahil sa Omicron ay mula 41 porsyento hanggang 68 porsyento.
- Ang mga natuklasan sa klinikal na pagsubok ay nagpapakita na ang isang booster na dosis ng Comirnaty ay mahusay na natatanggap sa mga bata na lima hanggang 11 taong gulang at makabuluhang pinataas ang antas ng mga pananggol na antibody sa mga nakatanggap nito. Ang mga pangalawang epekto ay karaniwang banayad o katamtaman at malulutas sa loob ng ilang araw.
- Hanggang ngayon sa Alberta:
    - 51 porsyento ng mga batang may edad na lima hanggang 11 taong gulang ay nakatanggap ng hindi bababa sa isang dosis ng bakuna para sa COVID-19 sa Alberta.
    - Ang mga istatistika ng COVID-19 sa Alberta ay matatagpuan sa online.

## Kaugnay na impormasyon

- Mga bakuna at mga tala ng impormasyon sa COVID-19
- Impormasyon ng AHS sa pagpapatala para sa bakuna